

Programa ng Suportang Pinansiyal para sa Pakikipagtulungan  
upang Hindi Lumaganap ang COVID-19  
Sa Pagtutulungan ng Prepektura at ng Lungsod

Kahilingan sa Pagtanggap ng Aplikasyon

**【Panahon ng Aplikasyon】**

Mula Mayo 7, 2020 (Huwebes) hanggang Mayo 22, 2020 (Biyernes)

※Kailangang may postmark ng Mayo 22 (Biyernes)

**【Paraan ng Pag-apply】**

1 Pagsumite ng application form ※Isulat sa Nihongo ang application form.

Ipadala ang mga dokumentong kailangan sa pag-apply sa address na nasa ibaba.

Ipadala sa pamamagitan ng registered mail upang madaling ma-track ang ipinadalang dokumento.

(Mailing Address)

〒380-8570

ながのけんちょう しんがたころなういるすかくだいぼうしきょうりょくきんとう うけつけたんとう  
長野県庁「新型コロナウイルス拡大防止協力金等」受付担当

(Nagano Kenchō Shin-gata Korona Uirusu Kakudai Bōshi Kyōryoku Kin Tō Uketsuke Tantō)

※Siguraduhing nalagyan ng stamp at pagkatapos ay siguraduhing nasulatan sa likod ng envelope ng address at pangalan ng sender.

※Hindi tatanggapin ang mga aplikasyong dadalhin nang direkta sa tanggapan.

Ito ay upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19.

2 Paraan ng pagkuha ng mga dokumentong kailangan sa Aplikasyon.

Makukuha ang mga dokumentong kailangan sa pag-apply sa sumusunod na paraan.

・ Pag-download mula sa homepage ng Nagano Prefecture

(URL) <https://www.pref.nagano.lg.jp/sansei/sangyo/shokogyo/covid19kyoryoku.html>

※Kung hindi makakapag-download, maaaring pumunta sa tanggapan ng けんちい きんこうきょく の しょうこうかんこうか  
県地域振興局の商工観光課

(Ken Chiiki Shinkō Kyoku no Shōkō Kankō-Ka) na nasa loob ng gusali ng prefectural office, o pumunta sa reception desk ng munisipyo o town office o kaya ay sa in-charge ng Commerce and Tourism Department (Shōkō Tantō) sa inyong lugar.

**【Inquiry】**

Mula Abril 30~

■ Inquiry tungkol sa しんがたころなういるすかんせんかくだいぼうしのため の きょうぎょうのようせい・きょうりょくきん  
新型コロナウイルス感染症拡大防止のための休業等の要請・協力金

(Shin-gata Korona Uirusu Kansen Kakudai Bōshi no tame no Kyūgyō no Yōsei - Kyōryoku-kin)

Telepono : 092-687-7890

Oras ng pagtawag : 7:00a.m. ~10:00 p.m. (Bukas din kapag Sabado, Linggo, at Holiday)

Mula Mayo 7~

■ In-charge para sa きょうりょくきんとうのしんせいにかんする しんがたころなういるすかくだいぼうしきょうりょくきん  
協力金等の申請に関する「新型コロナウイルス拡大防止協力金」

(Kyōryoku-kin Tō no Shinsei ni kansuru Shin-gata Korona Uirusu Kakudai Bōshi Kyōryoku-kin)

Telepono : 092-687-7890 :

Oras ng pagtawag : 9:00a.m. ~5:00 p.m. (Bukas din kapag Sabado, Linggo, at Holiday)

# Sa Pagtutulungan ng Prepektura at ng Lungsod

## Programang Suportang Pinansiyal para sa Pakikipagtulungan upang Hindi Lumaganap ang COVID-19

Abril 30, 2020

### I Overview ng suportang pinansiyal o subsidy

#### 1 Layunin

Mamamahagi ng subsidy at pinansiyal na suporta para sa pakikipagtulungan (*kyōryoku-kin*) sa pagpigil ng pagkalat ng COVID-19 sa lahat ng sektor na nakiisa sa tunguhing pigilin ang paglaganap ng impeksiyon bilang bahagi ng emergency measures ng prepektura na ipatupad ang pansamantalang paghinto ng operasyon ng iba't ibang uri ng negosyo sa ilalim ng kooperasyon ng prepektura at ng lungsod.

Ipamamahagi lamang ito sa mga negosyanteng nakipagtulungan sa panawagang pansamantalang pagsasarado o pag-aadjust ng oras ng pagbibiyay ng serbisyo mula sa Abril 24, Biyernes hanggang Mayo 6, Miyerkules.

#### 2 Halaga ng perang ipamamahagi

Sa bawat nagpapatakbo ng isang negosyo 300,000 yen [1 beses lamang]

※Kahit parehong angkop na tumanggap ng subsidy para sa kooperasyon at para sa suporta, **300,000 yen lamang ang maibibigay sa bawat business operator.**

※Detalye: Prepektura 200,000yen; Mula sa kinabibilangang lungsod kung saan nakabase ang negosyo 100,000yen (Sa kooperasyon ng Prepektura at ng Lungsod)

### II Ang sakop ng subsidy

#### 1 Subsidy para sa kooperasyon upang hindi lumaganap ang COVID-19

Mga business operators na nakalista sa ibaba na nakipagtulungan sa panawagan ng prepektura na huwag munang gamitin ang mga pinapatakpong pasilidad ayon sa regulasyon ng pamahalaan na naglalayong pigilin ang pagkalat ng COVID-19.

① Mga business operators na nakiisa sa panawagan na itigil muna ang operasyon o ang paggamit ng mga pag-aaring entertainment facility, sports facility, amusement facility, at theaters.

② Mga business operators na nagpapatakbo ng mga restaurants o bars na nakiisa sa panawagan ng prepektura na paikliin ang business hours at pag-adjust ng oras ng pagse-serve ng alak, pati na rin sa pagsasara ng restaurant ng buong araw.

Mahalagang punto: “Ang pagpapaikli ng business hours at ang pag-adjust ng oras ng pag-seserve ng alak” ay ang boluntaryong pagsasarado ng restaurant o bar mula 8:00 ng gabi hanggang 5:00 ng umaga; at ang boluntaryong pagtigil sa pagse-serve ng anumang uri ng alak mula at pagkatapos ng 7:00 ng gabi.

※ Kung ang business hours ng nasabing business establishment ay mula 5:00 ng umaga hanggang 8:00 ng gabi, ito ay hindi sakop ng nasabing panawagan ng prepektura.

## 2 Subsidy para sa suporta upang hindi lumaganap ang COVID-19

Ang mga business operators na nagpapatakbo ng negosyo na nakasentro sa loob ng prepektura na konektado sa turismo tulad ng assembly halls, exhibit halls, lodging facilities para sa mga turista na nakiiisa sa panawagan ng prepektura na pag-isipan ang pansamantalang pagsasarado (*kyūgyō*) at aktuwal na pagsasagawa nito.

- ※ Makakatanggap ng support fund kahit na nakabase sa labas ng prepektura ang head office ng nasabing business establishment.

### III Kondisyon upang makatanggap

Kailangang pumasa sa mga sumusunod na kahilingan upang makatanggap ng subsidy para sa kooperasyon upang hindi lumaganap ang COVID-19.

- 1 Dapat na nasa loob ng prepektura ang pinapatakbong negosyo tulad ng nakasaad sa listahan ng Table 1 bago pa ang Abril 22 (Miyerkules).
- 2 Bilang prinsipyo, kailangang aktuwal na isinarado ang pinapatakbong negosyo mula sa araw na ipinatupad ang suspensiyon o pansamantalang pagsasarado ng business facility na saklaw ng isinaad sa enforcement law na kaugnay ng pagpigil ng paglaganap ng COVID-19 mula Abril 24 (Biyernes) hanggang Mayo 6 (Miyerkules).
- 3 Para sa mga restaurant o anumang kainan at coffee shop, kailangang tumupad sa panawagan tulad ng pagsasarado sa pagitan ng mga oras mula 8:00 ng gabi hanggang 5:00 ng umaga at pagse-serve ng alak pagkalipas ng 7:00 ng gabi.
- 4 Ang isang “experience-based facility” na sakop ng subsidy para sa suporta upang hindi lumaganap ang COVID-19, ay dapat na nakasentro sa turismo.
- 5 Ang isang aplikante para sa subsidy, maging ang miyembro man ng kompanya, empleyado o representative ay dapat na hindi kasali ng isang terrorist organization sa kasalukuyan man o sa hinaharap.

Gayundin, dapat na hindi nakikibahagi sa pagpapatakbo ng negosyo ng aplikante ang terrorist organization.

### IV Proseso ng Pag-apply

#### 1 Dokumentong kailangan sa pag-apply

Isumite ang mga dokumentong nakasaad sa Table 2. Hindi na ibabalik ang mga dokumentong isinumite. Ipinapaunawa rin na maaaring hilingan ng paliwanag tungkol sa mga isinumiteng dokumento at maaaring hilingang magsumite ng iba pang karagdagang mga dokumento.

#### 2 Paraan ng pagkuha ng kailangang application form

- Mag-download mula sa homepage ng Nagano Prefecture

(URL) <https://www.pref.nagano.lg.jp/sansei/sangyo/shokogyo/covid19kyoryoku.html>

※Kung hindi makakapag-download, maaaring pumunta sa tanggapan ng KenChikiShinko-kyoku no ShōkoKankō-ka 県地域振興局の商工観光課 na nasa loob ng gusali ng prefectural office, o pumunta sa reception desk ng munisipyo o town office o kaya ay sa in-charge ng Commerce and Tourism Department (*shōkō tantō*) sa inyong lugar.

#### 3 Paraan at Panahon ng pag-apply

##### (1) Panahon ng Aplikasyon

Mula Mayo 7, 2020 (Huwebes) hanggang Mayo 22, 2020 (Biyernes)

##### (2) Paraan ng Pag-apply

Tatanggapin lamang ang mga aplikasyon sa pamamagitan ng pagpapadala sa post office.

Ipadala ang mga dokumento sa pamamagitan ng simple registered mail (*kan-i kakitome*) o anumang paraan na madaling ma-track ang ipinadalang postal item.

- ※ Kailangang may postmark ng petsa na Mayo 22 (Biyernes)

(Mailing Address)

〒380-8570

長野県庁「新型コロナウイルス拡大防止協力金等」受付担当

(Nagano Kenchō Shin-gata Korona Uirusu Kakudai Bōshi Kyōryoku Kin Tō Uketsuke Tantō)

※Siguraduhing nalagyan ng stamp at pagkatapos ay siguraduhing nasulatan sa likod ng envelope ng address at pangalan ng sender o ng nagpadala ng aplikasyon.

※Ang bayad sa pagpapadala ay sagot ng aplikante.

※Hindi tatanggapin ang mga aplikasyong dadalhin nang direkta sa tanggapan.

Ito ay upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19.

#### 4 Impormasyon kung saan tatawag tungkol sa pagtanggap ng subsidy para sa kooperasyon upang hindi lumaganap ang COVID-19 (*kyoryoku-kin*).

Tumawag sa contact number na nasa ibaba na nakalaan lamang para sa katanungan tungkol sa pag-apply.

##### **Mula Abril 30**

■ Inquiry para sa subsidy na *kyūgyō yōsei* 新型コロナウイルス感染拡大防止のための休業等の要請・協力金等

Telepono : 092-687-7890

Oras ng pagtawag : 7:00 a.m. ~10:00 p.m. (Bukas din kapag Sabado, Linggo, at Holiday)

##### **Mula Mayo 7**

■ In-charge para sa pag-apply ng subsidy na *kyōryoku-kin* 新型コロナウイルス拡大防止協力金等

Telepono : 092-687-7890

Oras ng pagtawag : 9:00 a.m. ~5:00 p.m. (Bukas din kapag Sabado, Linggo, at Holiday)

#### 5 Pamamahagi ng subsidy (*kyoryoku-kin*)

Pagkatapos matanggap ang mga aplikasyon, isasagawa sa prepektura ang pag-iksamen sa mga aplikasyon at kapag nakaayon ito sa mga kahilingan, makakatanggap ng subsidy mula sa huling linggo ng Mayo ayon sa pagkakasunod ng aplikasyon.

#### 6 Notice

Kapag sigurado na, na dapat makatanggap ng subsidy, papadalhan ng notice na nagsasaad ng petsa kung kailan makakatanggap ng pera. May posibilidad na hindi agad makarating ang notice dahil sa dumadagsang mga aplikasyon.

Tatawagan ang aplikante kapag naging imposible na maihuhulog sa ibinigay na bank account ang subsidy sa itinalagang araw. Padadalhan din ng notice sa pamamagitan ng post office kung sakaling hindi pasado para tumanggap ng subsidy (*kyoryoku-kin*).

### V Karagdagang impormasyon

1 Pagkatapos na pumasa at nasiguradong dapat makatanggap ng subsidy at nadiskubre na mayroong isang ilegal na bagay o hindi ayon sa itinalagang kahilingan, base sa regulasyon ng prepektura, may posibilidad na bawiin ang subsidy.

2 Tungkol sa nabanggit sa 1, ang pangalan at ang impormasyon tungkol sa pinapatakpong negosyo ay maaaring isapubliko.

3 Upang mapadali ang proseso, maaaring magsagawa ng imbestigasyon tungkol sa kasalukuyang kalagayan ng isang pasilidad ng negosyo at pagpapatakbo nito, gayundin maaaring hilingan ng report upang mapatunayang tugma ang impormasyon sa isinuniteng aplikasyon.

4 Kung hindi makukumpirma na tumpak ang impormasyon sa isinuniteng dokumento, maaaring magkalap ng ibang impormasyon sa ibang tanggapan para sa kumpirmasyon.

Table 1

## Listahan ng mga pasilidad ng negosyo na sakop ng Subsidy

Pasilidad na Sakop ng Subsidy na "Kyoryoku-kin"			Pasilidad na sakop ng Subsidy (Pangunahing serbisyo ay para sa Turismo)
Pansamantalang Pagtigil ng Pag-gamit sa Pasilidad (Kyūgyō)			Pansamantalang Pagtigil ng Pag-gamit sa Pasilidad (Kyūgyō)
1 Cabaret	16 Outdoor/Indoor Swimming pool	31 Batting Center (* 1)	51 Cultural Hall
2 Night Club	17 Bowling Alley	32 Athletic Field (* 2)	52 Historical Museum
3 Dance Hall	18 Sports Club	33 Baseball Ground (* 2)	53 Art Museum
4 Snack	19 Mahjong Parlor	34 Tennis Court (* 2)	54 Science Museum
5 Bar	20 Pachinko Parlor	35 Soccer Field (* 2)	55 Memorial Hall
6 Dart Bar	21 Game Center	36 Futsal Ground (* 1, * 2)	56 Aquarium
7 Pub	22 Skating Center	37 Japanese Archery Court (* 1)	57 Zoo
8 Sex parlor	23 Jūdō Hall	<b>Pagpapaiksi ng Business Hours (Pasilidad na naglalabas ng pagkain at inumin)</b>	58 Botanical Garden
9 Adult Shop	24 Hot Yoga Studio	41 Dining Halls	59 Theme Park
10 Net Cafe	25 Theater	42 Restaurant	60 Amusement Park
11 Manga Cafe	26 Grandstand/Stadium	43 Coffee Shop	61 Golf Course
12 Karaoke Box	27 Movie Theater	44 Confectionery (Japanese/Western) (* 3)	62 Experience-oriented Facility (*Pottery, Glass Craft, Camp Site)
13 Shooting Gallery	28 Opera House	45 Izakaya	63 Drop-by Hot Spring Facility
14 Livehouse	29 Planetarium	/	64 Hotel/Traditional Japanese Inn (*For business use)
15 Gymnasium	30 Golf Driving Range (* 1)		65 Lodging House, Private Rental Lodging House (Hut/Cottage)

\* 1 Para lamang sa indoor facilities.

\* 2 Para lamang sa mga may audience seat.

\* 3 Para lamang sa mga pasilidad na may eat-in space.

## Mga Dokumentong Dapat Isumite at Ilang Paalala

### Mga Dokumentong Dapat Isumite at Ilang Paalala

(Form 1) けん・しちょうそんれんけいしんがたころなういるすかくだいぼうしきょうりよくきんとうしきゅうしんせいしよけんこうざふりこみいらいしよ  
**県・市町村連携新型コロナウイルス拡大防止協力金等支給申請書兼口座振込依頼書**

**Request para sa Bank Transfer ng Pagtanggap ng Subsidy kaugnay sa Pagpigil ng Paglaganap ng COVID-19 sa Pagtutulungan ng Prepektura at ng Lungsod (Kailangan)**

- Para sa isang korporasyon, isulat ang corporate number na inisyu ng National Tax Agency.
- Para sa negosyanteng maraming pinapatakpong negosyo, ang pag-apply ay limitado lamang sa isang beses.
- Ang pangalan ng bank account na isinumite ay dapat na kapareho ng pangalan ng aplikante.

**(Form 2) Attached Sheet (Appendix)**

(Para lamang sa mga negosyanteng may pinapatakpong mahigit sa isang negosyo.)

**(Form 3) Paste mount** (Idikit sa paste mount ang mga dokumentong binabanggit sa ibaba na hindi A4 size. Ngunit, maaaring idikit nang magkakahiwalay kung ito ay A4 size.)

**Attachment 1** Mga dokumentong nagpapatunay na ang nasabing negosyo ay dati nang pinapatakbo bago pa tumanggap ng suspensiyon sa paggamit ng pasilidad ng negosyo dala ng emergency measures kaugnay sa pagpigil ng paglaganap ng COVID-19.

(Kailangang ipasa ang lahat ng dokumento na nakalista sa ibaba:

Para sa Korporasyon(1), (2); Para sa Sole Proprietor (1), (2), (3)

(1) Mga dokumentong nagpapatunay na pinapatakbo ang nasabing negosyo

	Korporasyon	Sole proprietor
Para sa mga papalapit na sa Settlement Period o fiscal year end ( <i>kessan-ki</i> ) pagkatapos na maitayo ang negosyo	<p>Idikit <u>pareho</u> ang sumusunod na dokumento na ①at②</p> <p>① <small>ほうじんけんみんぜい・ほうじんじぎょうぜいしんこくしよ</small>  <b>法人県民税・法人事業税申告書</b>  <small>のひかえのうつし</small>  <b>の控えの写し</b> corporate prefectural tax/corporate business tax</p> <p>② <small>ちよっきんのけいりちようぼのうつし</small>  <b>直近の経理帳簿の写し</b>  <b>kopya ng account ledger</b>            ※ 1</p>	<p>Idikit <u>pareho</u> ang sumusunod na dokumento na ①at②</p> <p>① <small>あおいろしんこくけつさんしよ</small>  <b>青色申告決算書</b>  <b>financial statement for blue return</b>  <small>しゅうしうちわけしよとうのひかえのうつし</small>  <b>収支内訳書等の控えの写し</b>  <b>kopya ng detalye o breakdown ng income and expenditures</b></p> <p>② <small>ちよっきんのけいりちようぼのうつし</small>  <b>直近の経理帳簿等の写し</b>  <b>kopya ng account ledger</b>            ※ 1</p>
Para sa negosyo na kabubukas pa lamang ※ 2	<p>Idikit pareho ang sumusunod na dokumento na ①at ②</p> <p>① <small>ほうじんせつりつせつちとどけのうつし</small>  <b>法人設立設置届の写し等</b>  <b>kopya ng notification ng pagtatayo ng korporasyon</b></p> <p>② <small>ちよっきんのけいりちようぼのうつし</small>  <b>直近の経理帳簿の写し</b>  <b>kopya ng account ledger</b>            ※ 1</p>	<p>Idikit pareho ang sumusunod na dokumento na ①at②</p> <p>① <small>かいぎようとどけまたはあいてがたからのほちちゆうしよとう</small>  <b>開業届又は相手方からの発注書等</b>  <small>とりひきをしょうめいするしよるいのうつし</small>  <b>取引を証明する書類の写し</b>  <b>kopya ng notification ng pagbubukas ng negosyo, o kaya ay kopya ng transaksyon ng purchase order</b></p> <p>② <small>ちよっきんのけいりちようぼのうつし</small>  <b>直近の経理帳簿等の写し</b>  <b>kopya ng account ledger</b>            ※ 1</p>

※1 Rekord ng month-end closing kasama ang araw na bago nagsara o sinuspinde ang negosyo sa pagitan ng Enero 2020 hanggang Abril 22 (sa loob ng isang buwan), o kaya ay rekord ng daily trial balance sheet.

※2 Sakop din nito ang mga naitayo nang negosyo na papalapit na sa settlement period, pati na ang negosyong hindi pa sumasapit sa panahon ng pag-file ng deklarasyon ng return.

<p>(2) Mga kuha ng larawan o picture kasama ang sign board ng pasilidad ng negosyo pati na ang view ng lugar ng negosyo sa loob at labas ng pasilidad. (Sakop nito ang lahat ng lugar ng negosyo na hinilingang magsara nang pansamantala.)</p> <p>(3) <b>(Para sa sole proprietor lamang) Dokumentong nagpapatunay ng sarili o identity</b> (Tatanggapin kahit na xerox copy.) Magsumite ng isa sa kahit na alinman sa mga nakalista sa ibaba) Kopya ng Driver' s License, Passport, Insurance card</p>
<p>Attachment 2 Dokumentong nagpapatunay ng pagsuspende o pansamantalang pagtigil ng operasyon ng negosyo. (Halimbawa) Anunsiyo sa HP na nagdeklara ng pansamantalang pagsarado ng negosyo, poster na nakapaskil sa pasilidad ng negosyo, billers, DM (kopya o kuha ng larawan/picture) ※ Pangalan ng lugar ng negosyo at kasalukuyang sitwasyon (Anunsiyo o notice ng iskedyul ng suspensiyon o pansamantalang pagsarado, pag-iiba ng iskedyul ng business hours), pagsasagawa ng home delivery o kaya ay take out, <u>mga paraang nagpapahiwatig na hindi magsasagawa ng serbisyong pag-serve ng pagkain at inumin sa loob ng kainan.</u></p>
<p>Attachment 3 Kopya ng bank account at pangalan ng may-ari ng bank account (dapat na naka-bukas ang pahina ng passbook) Dapat na pareho ang pangalan ng aplikante sa pangalan ng bank account na isusumite.</p>
<p>Attachment 4 (para lamang sa designadong administrador) dokumentong nagpapatunay na hindi tumanggap designated management fee o anumang pampublikong assistance para sa pagpapatakbo ng negosyo ※ Kopya ng report ng negosyo (income at expenditure plan) na ipinasa sa munisipalidad o sa prepektura o sa bansa.</p>
<p>(Form 4) Checklist ng requirements at attachments para sa “experience-based facility” (para lamang sa aplikante na sakop ng subsidy para sa experience-based facilities)</p>

※ Ang mga impormasyong isinumite sa prepektura at sa lungsod ay gagamitin lamang para sa layuning ito.

※ **Siguraduhing isulat ang pangalan ng aplikante** sa lahat ng isusumiteng dokumento.

※ **Siguraduhing gumamit ng ballpen sa pag-fill up.** (Bawal gumamit ng ballpen na nabubura ang ink)